

# LABANOS

Ang labanos ay isa sa mga gulay na paborito ng mga pinoy dahil sa naiiba nitong lasa. Kadalasang isinasahog ito sa mga sinabawang putahe, at kinakain ng kinilaw. Nagtataglay din ang labanos ng mga bitamina na *E, A, C, B6,* at *K.*

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Angkop ang labanos sa silty loam na lupa na sagana sa organikong bagay at may pH na 6-6.8. Karaniwang itinatanim ang labanos sa mga matataas na lugar at mabababa ang halumigmig.



## PAGPILI NG BINHI

Ang kadalasang ginagamit na barayti ay ang barayti na 60 days. Mahaba ang mga ito, madaling iimbak, at maganda ang kalidad.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TATANIMAN

Bungkalin at suyurin ang taniman. Gumawa ng kamang taniman na mataas, may lapad na isang metro (depende sa lugar ang haba) at haluaan ito ng 1kg na pinatuyong chicken manure at 300g na carbonated rice hull kada metro kwadrado. Gumawa ng tudling na ang pagitan sa isa't isa ay isang talampakan. Siguraduhing may maayos na daluyan ng tubig.

## PAGTATANIM

Diligan ang lupa para mag-stabilize ito. Ilagay sa mga tudling ang buto, tatlong pulgada ang layo ng bawat buto, at takpan bahagya ng lupa.

## PANGANGALAGA

Ang madalas na pagdidilig ay kailangan. Maglagay din ng manure tea o fermented plant juice ng isang beses sa isang linggo upang maging malusog ang mga halaman at tumaas ang resistensya ng mga ito sa sakit at peste. Maaari din na mag lagay ng 1/4 tasa ng urea kada metro kwadrado para sa dagdag nitrohino.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Dapulak, Diamond Black Moth at Army Worm ang mga pangunahing peste ng labanos. Para makontrol ang mga ito mag -ispray ng dinurog na sili (100g sa 16L na tubig) na hinaluan ng isang kutsarang sabon. Pangunahing sakit din ang pagkabulok sanhi ng fungus. Maiiwasan ito kung may maayos na paagusan at mataas na lebel ang taniman.



*Dapulak*

## PAG-AANI

Pagkalipas ng 40-60 araw ay maaari na itong anihin. Tanggalin ang lupa sa mga naaning labanos, at maaari din itong iimbak sa loob ng dalawang linggo.


Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Department of Agriculture—Agricultural Training Institute.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa
pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.


Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com